# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa ________________ Marka ______

## Pagkilala sa Simuno at Panaguri

Isulat sa patlang ang salitang **simuno** kung ang may salungguhit ay tumutukoy sa simuno o paksa ng pangungusap. Isulat ang salitang **panaguri** kung ito ay tumutukoy sa panaguri ng pangungusap.

___________ 1. Ang babaeng nakadilaw na damit ay nagbebenta ng puto.

___________ 2. Si Andrea ay nagsasaliksik tungkol sa buhay ni Jose Rizal.

___________ 3. Ang buong klase ni Bb. Rica ay magkakaroon ng lakbay-aral sa Mind Museum.

___________ 4. Malakas na pinalakpakan ang talumpati ni Pangulong Aquino.

___________ 5. Ang bawat kasapi ng samahan ay nag-ambag ng kanilang oras, talino, at talento.

___________ 6. Makinig ka nang mabuti sa payo ng iyong mga magulang.

___________ 7. Puno ng aral ang kuwento na isinalaysay ni Lolo Berting.

___________ 8. Nakalimutan ni Arnel na isumite ang mga dokumento tungkol sa kanyang bagong negosyo.

___________ 9. Ang mga bagong empleyado ay magiliw na sinalubong ng meyor sa munisipyo.

___________ 10. Kanina pang tahimik na nag-aaral sa kanilang silid-tulugan sina Letty at Jaime.

___________ 11. Binigyan ng unang gantimpala ang kumuha ng pinakamagandang ritrato.

___________ 12. Kami ay nakumbinse ni Roger na tumulong sa mga mahihirap na pamilya sa Payatas.

© 2013 Pia Noche